ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 1
Enero 7, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Mga susing usapin sa ekonomya at pulitika na haharapin sa 2019

Sapulin natin ang mga susing usapin sa ekonomya at pulitika na haharapin sa 2019 upang matatag na maisulong ang ating mga tungkulin para ibayong palakasin ang Partido at isulong ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan. Nananawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino na sa taong ito ay ubos-kayang paigtingin ang pakikibaka para patalsikin ang papet, pasista at korap na rehimeng Duterte.

Dapat na lalo nating palaparin at palakasin ang nagkakaisang prente ng lahat ng demokratikong pwersa at labanan ang mga atake ni Duterte laban sa mga demokratikong karapatan at ang kanyang iskema na itatag ang isang hayagang pasistang diktadura sa pamamagitan man ng tahasang deklarasyon ng batas militar o sa anyong "chacha." Hinihikayat ng Partido ang sambayanan na isulong ang lahat ng anyo ng paglaban, laluna ang armadong pakikibakang itinataguyod ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), upang iabante ang pambansa demokratikong rebolusyon.

1. Sa mga darating na buwan, isasagawa ni Duterte ang higit na desperadong mga hakbang upang lalong monopolyohin ang kapangyarihan at ipataw ang paghaharing diktadura sa likod ng "charter change" o pag-amyenda sa konstitusyon para sa huwad na pederal na sistema na may sentralisadong ka-

*"Mga susing usapin...," sundan sa pahina 2*

## 35 armas, nasamsam ng BHB sa Kalinga at Samar

TATLUMPU'T LIMANG matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa magkakasunod na taktikal na opensiba noong Disyembre 18 hanggang 23, 2018. Kung idaragdag ang 24 na matataas na kalibreng armas na nasamsam ng BHB noong Disyembre 19 sa Surigao del Sur na naunang iniulat ng *AB*, aabot sa kabuuang 59 na malalakas na baril ang nakuha ng BHB noong Disyembre.

Ang mga ito ay tugon ng BHB sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na tuluy-tuloy na paigtingin ang mga taktikal na opensiba bilang sagot sa pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao at upang gunitain ang ika-50 anibersaryo ng Partido sa pamamagitan ng pag-ibayo ng armadong pakikibaka

*"35 armas...," sundan sa pahina 4*

"Mga susing usapin..." mula sa pahina 1

pangyarihan. Gamit ang kapangyarihang "national emergency," gagamitin niya ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) para sindakin ang bayan. Gagamitin din niya ang kanyang mga hinirang sa Comelec para manipulahin ang elektronikong sistema ng pagbilang para kontrolin ang darating na eleksyong *midterm* para tiyakin ang mayoryang kontrol sa kongreso at sa mga lokal na gubyerno (kung hindi siya makahanap ng dahilan na ikansela ito). Sa ilalim ng paghaharing teror ni Duterte, ang nalalapit na reaksyunaryong eleksyon ay malamang na magiging pinakamadugo at pinakabulok.

Kung magtagumpay si Duterte na itatag ang mayorya sa kongreso, malamang na mailuluklok niya ang sarili bilang tipong-Marcos na diktador na "konstitusyunal" bago magtapos ang kanyang termino. Kung mabigo siya, malamang na ibayo niyang palalawakin ang kanyang "emergency powers" tungo sa tahasang deklarasyon at pagpataw ng batas militar sa buong bansa. Anuman, lalo siyang mahihiwalay sa pulitika at sasalalay sa kasapakat niyang maliit na grupong militar para konsolidahin ang kanyang poder sa harap ng lumalakas na panawagan para patalsikin siya.

2. Ang mga kombulsyon ng naghaharing sistemang pampulitika sa ilalim ni Duterte ay ibinubunsod ng lumalalim sa krisis sa ekonomya. Itong taon, daranas ang bansa ng walang kapantay na depisito sa kalakalan at piskal sa harap ng mabagal na paglago ng eksport dahil sa pandaigdigang istagnasyong pang-ekonomya at ng mabilis na paglaki ng importasyon ng mga kagamitan at kalakal na pangkonsumo na labis ang produksyon. Naghahabol ang rehimen ng sobra-sobrang pangungutang para sa pansamantalang pagpapasiklab sa ekonomya at para isubo sa mga burukrata-kapitalistang gutom sa mga kikback. Magiging lalong sunud-sunuran ito sa mga itinatakdang patakaran ng mga dayong institusyong pampinansya at gubyerno sa lalong kapinsalaan ng soberanyang ekonomya at patrimonya ng bansa.

3. Lalong lalaganap at lantaran ang korapsyon ngayong taon kasabay ng napakalaking pondong pambayan na ibinubulsa ng mga tautauhan, kroni at alyado sa pulitika ni Duterte sa anyo ng *pork barrel*, mga kupit sa mga kontrata ng gubyerno, suhol at "finders fee" sa mga proyekto ng gubyerno. Lalong di paniniwalaan ang pagkukunwaring anti-korapsyon ni Duterte.

Ang problema ng laganap na ismagling at paggamit ng droga ay lalo pang lalala matapos tuwiran at ganap na kontrolin ng kriminal na pangkatin ni Duterte ang ismagling ng shabu. Lalong isusuka ng bayan ang "drug war" ni Duterte kasabay ng lalong pagsidhi ng marahas na sagupaang sangkot ang pulis para sa "teritoryo" ng mga sindikato. Ang kanyang mga pangakong tatapusin ang problema sa droga ay lubos na malalantad na isang malaking kalokohan.

4. Ipamamamalas ni Duterte ang mas malalang pangangayupapa sa US, laluna sa usaping militar. Lalaki ang papel ng mga tagapayong militar ng US sa kontra-rebolusyonaryong digma (Oplan Kapayapaan at NISP 2018) na nakapadron sa doktrina ng US. Dagdag pa, sa harap ng tumitinding gerang pangkalakalang US-China at tumitinding tensyon sa South China Sea, lalong sisiguruhin ng US ang mahigpit na kontrol sa Pilipinas sa pamamagitan ng rehimeng Duterte para gamiting lunsaran ng mga operasyong militar at pagpapakitang-lakas laban sa lumalakas na paghamon ng China sa ekonomya at militar sa kapangyarihan ng US.

5. Alinsunod sa iskemang diktador ni Duterte, layunin niyang supilin ang lahat ng tumututol sa kanyang tiraniya sa pamamagitan ng *crackdown* laban sa mga ligal na demokratikong pwersa gamit kapwa ang opensibang ligal na pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso at ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga aktibista at mga lider masa. Lalong magiging walang-habas ang mga atake laban sa mga

ANG Bayan

Tomo L Blg. 1 | Enero 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Mga susing usapin sa ekonomya at pulitika na haharapin sa 2019 1

35 armas, nasamsam sa Kalinga at Samar 1

Kumpanyang mina sa Negros, pinaralisa 4

50 taon ng Partido, ipinagdiwang 5

Panunupil sa CenVis, kinundena 7

NHA, kinalampag ng maralitang-lunsod 7

Pamamaslang sa Negros, lalong tumindi 8

'Crackdown' sa mga guro, binatikos 8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

demokratikong karapatan kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Pinag-iibayo ni Duterte at ng AFP ang *Red-tagging* laban sa iba't ibang demokratikong organisasyong masa, alyansa at grupong *party-list* na may partikular na layuning hadlangang makakuha ng pwesto sa parlamento ang mga progresibo at bigyang-matwid ang malawakang panunupil. Nakatakdang maging *all-out war* ni Duterte ay maging *total war* laban sa populasyon sa kanayunan matapos ideklara ni Duterte ang planong ibalik ang *hamletting* o pagkokonsentra at pagkontrol ng populasyon sa ngalan ng "kapayapaan at kaunlaran."



6. Lalong lulubha ang panlipunan at pang-ekonomyang pagdurusa ng sambayanang Pilipino kasabay ng pagpapataw ng rehimeng Duterte ng dagdag na buwis, paglulustay ng pondong pampubliko para sa lalong lumalaking mga gastusing militar sa kapinsalaan ng gastos panlipunan, at panghihiram ng dagdag na dayong utang para sa di produktibo at anti-mamamayang mga proyektong pang-imprastruktura. Ang mga patakaran ni Duterte ay magreresulta sa lalong pagsirit ng presyo, pagpaiumbulog ng gastos sa pamumuhay, mas malalang malawakang disempleyo, napakababang sahod at mga dislokasyon sa kabuhayan.

7. Gagatungang lalo ng palalang mga kundisyong pang-ekonomya ang mas malalaking protestang masa ngayong taon. Darami ang mga protesta at welga sa mga pabrika laban sa patakarang pigilan ang pagtaas ng sahod at bigong pangakong tapusin ang kontraktwalisasyon. Maaaring dumaluyong ang mga protesta sa harap ng matarik na pagbulusok ng pamantayan sa kabuhayan ng mamamayan bunga ng mas masasamang patakaran ni Duterte sa ekonomya, gayundin ang mga pagsupil sa mga karapatang demokratiko.

Malamang na sumiklab ang mga protestang masa sa kanayunan laban sa mga abusong militar at sa pagpapalayas ni Duterte at ng AFP sa mga magsasaka at pambansang minorya sa kanilang lupa para bigyang-daan ang mga proyektong pang-imprastruktura, panturismo at pang-enerhiya at mga plantasyon para sa *oil palm* at iba pang tanim na pang-eksport. Lalong susulong ang pambansang kilusan para sa tunay na reporma sa lupa kasabay ng todong paglantad at pagtakwil sa huwad na programa sa reporma sa lupa ng rehimen.

8. Ang iskema ni Duterte para ipataw ang hayagang diktadura ay magbubunga ng lalong paglapad ng nagkakaisang prenteng anti-pasista ng lahat ng demokratikong pwersa. Ang malawakang pandaraya pabor sa pipitsuging mga kandidatong minamanok ni Duterte at lalong konsolidasyon ng kanyang kapangyarihang pampulitika ay magtutulak sa mga oposisyong partidong pampulitika na mas aktibong sumulong sa ekstra-parlamentaryong larangan para labanan ang kanyang paghahari.

Sumulong man o hindi ang iskemang diktadura ni Duterte ngayong taon para monopolyohin ang kapangyarihang pampulitika, ang kanyang mga pagtatangka ay lalong magpapahina sa kanyang mga alyansang pampulitika, laluna sa pangkating Arroyo na naggigiit ng mas malaking bahagi sa burukratikong dambong.

Dagdag pa, dahil lalong nakasandal sa mga upisyal militar, lalong inilalagay ni Duterte ang sarili sa gitna ng target ng isang kudeta o pag-alis ng suporta ng sarili niyang mga loyalista sa AFP o ng mga naapakan ng kanyang paboritismo.

9. Lumalalim ang disgusto sa loob ng AFP laluna sa mga tropa at paramilitar sa harap ng malalang korapsyon ng mga upisyal. Banat na banat ang mga pwersang militar ni Duterte. Maraming bahagi ang nagiging bulnerable sa mga opensiba ng BHB. Lubhang napapagod at nadidiskuntento ang kanyang mga tropang hindi pinagpapahinga sa walang-awat na mga operasyong kombat at mga bigong opensibang militar. Daranas ng matinding hambalos sa pulitika ang AFP sa harap ng walang-lubay at magastos na mga panganganyon at paghuhulog ng bomba at mga opensibang militar na nagreresulta sa malawakang paglabag sa mga karapatang demokratiko at yumuyurak sa kabuhayan ng masa.

10. Ang pangako ni Duterte na durugin ang BHB sa kalagitnaan ng taon ay lubos na mabibigo. Wala na siyang anim na buwan. Ngayon pa lang, humuhupa ang kayabangan ng militar at pulis sa pagdeklara ng "mas realistikong" layunin na "bawasan ang lakas ng BHB" bago magtapos ang taon at muling pagusog ng kanilang takdang target ng "pagdurog" sa 2022.

Ngayong taon, habang tinatanaw ng sambayanang Pilipinas na ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng kanilang tunay na hukbo sa Marso 29, dapat ipagpatuloy ng BHB ang paglakas at pagsulong nito ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa buong bansa. Ang bwelo ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa mga huling buwan ng 2018 ay lalo pang lalakas sa mga darating na buwan at maghahatid ng mas malalaking bigwas laban sa AFP at sa rehimeng Duterte. AB

"35 armas...," mula sa pahina 1

Matagumpay na sinalakay ng BHB-Kalinga (Lejo Cawilan Command) ang detatsment ng CAFGU sa Sityo Ag-agama, Barangay Western Uma, Lubuagan noong madaling araw ng Disyembre 23, 2018. Nasamsam ng BHB ang 30 matataas na kalibre ng armas: pitong M16, pitong M14, dalawang M4 at labing-apat na Garand, at libu-libong bala.

Napatay sa reyd si Sgt. Elon Bayang, ang kumander ng detatsment, samantalang sugatan ang tatlong elemento ng CAFGU.

Binigyan ng pinakatamaas na pagpupugay ng BHB-Ilocos Cordillera Region (Chadli Molintas Command) si Roy Tongdo (Ka BK) mula sa Balbalan, Kalinga matapos na namartir sa isinagawang opensiba.

Dalawang taon nang nananalasa ang detatsment sa Sitio Ag-agama, Barangay Western Uma. Sapilitang itinayo ng mga sundalo ang detatsment sa lugar noong Setyembre 2016 para supilin ang paglaban ng mga pambansang minorya at magsasaka sa operasyon ng mga dayuhang kumpanyang Chevron-Aragorn Power and Energy Corporation at Guidance Management Corporation. Sinasaklaw ng operasyon nito ang 25,000 ektaryang lupain ng Lubuagan, Pasil at Tinglayan sa Kalinga para sa negosyong *geothermal* at pagmimina noong 2008.

Pinatindi ng AFP ang sarbeylans at mga operasyon nito sa lugar. Binuo nito ang mga Community Support Program Team para makakilos sa mga komunidad at kinalaunan ay itinayo ang detatsment sa Ag-agama.

**Dalawang opensiba sa Samar**

Sa Northern Samar, nakasamsam ng limang ripleng R4 ang BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) sa isang pananambang sa Barangay Hinatad, Catarman noong Disyembre 18, 2018, ayon sa pahayag ng panrehiyong kumand sa operasyon ng Eastern Viisayas. Nagtagal ang palitan ng putok ng apat na minuto na nag-iwan ng walong patay sa mga sundalo mula sa 43rd IB.

Sinundan ito ng isang pag-atake ng naturang yunit ng BHB sa Barangay Caputoan, Las Navas noong Disyembre 22, 2018 sa yunit ng 20th IB na naglulunsad ng operasyong "peace and development" sa lugar. Isinagawa ang opensiba sa ganap na ala-6 ng umaga na nagresulta sa pagkapatay sa tatlong sundalo habang nag-iwan ng tatlo pang sugatan.

Samantala, pinasinungalingan ni Maria Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol ang pinakakalat ng 96th IB hinggil sa pekeng engkwentro ng BHB at mga elemento ng militar sa Sityo Malapat, Baay, Labo, Camarines Norte noong Disyembre 30.

Ang totoo, abala ang BHB noong huling linggo ng Disyembre sa pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo. Katuwang sila ng mamamayan sa pag-aayos ng mga nasirang tirahan, kagamitan at pananim, ganoon din ang paggamot sa mga nagtamo ng kapansanan at nagkasakit.

Desperado ang AFP sa paghahabol ng mga 'tagumpay' kontra sa BHB lalo pa at sunud-sunod ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon ng Bicol noong huling kwarto ng 2018. AB

# Mapangwasak na kumpanyang mina sa Negros, pinaralisa ng BHB

MATAGUMPAY NA NAPAHINTO ng BHB-Negros (Mt. Cansermon Command) ang mapaminsalang operasyong *open-pit* na pagmimina ng Pilipinas Eco-friendly Mining Corporation (PEMC) sa Ayungon, Negros Oriental noong Enero 2, pasado ala-una ng madaling araw. Pinaralisa ng BHB ang mga kagamitan ng PEMC sa *open-pit mining* sa hangganan ng mga barangay ng Banban at Mabato sa naturang bayan.

Winasak ng BHB ang pitong *backhoe*, dalawang *payloader*, *grader*, buldoser at dalawang *generator set*. Tinatayang aabot sa Php120 milyon ang halaga ng lahat ng ito.

Ang operasyong *open-pit* na pagmimina ay matagal nang inirereklamo ng mamamayan sa lugar dahil sa pinsala nito sa kanilang kabuhayan. Nilalason nito ang mga sapa at ilog na siyang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mangingisda at irigasyon ng mga magsasaka. Nagdudulot ito ng masamang epekto sa kalapit na 2,000 ektaryang sakahan at sanhi ng dislokasyon ng aabot sa limang baryo sa Ayungon.

Ika-15 ang PEMC sa listahan ng mga kumpanya sa pagmimina na may pinakamalaking kita sa buong bansa. Ito rin ang nagsusuplay ng *silica* (mineral na sangkap sa paggawa ng semento) sa 10 pinakamalalaking pabrika ng semento sa bansa.

Kabilang ang eryang sakop ng PEMC sa kabuuang 4,717 ektaryang target minahin ng di-bababa sa limang kumpanya sa bulubunduking bahagi ng Ayungon.

Isinagawa ng BHB ang operasyon alinsunod sa patakaran ng demokratikong gubyernong bayan na parusahan ang mga mapanira at mapang-abusong kumpanya sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan.

Samantala, pinarusahan ng isang yunit ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command o LPC) si Joseph Gavia, isang elemento ng CAFGU sa Barangay Linantuyan, Guihulngan noong Enero 6.

Si Gavia ay nagsisilbing ahenteng paniktik ng AFP at dati nang naghahasik ng teror sa naturang komunidad. Sa panahong nakainom, nanunutok at nagpapaputok siya ng baril.

"Mapangwasak...," sundan sa pahina 7

# Ginintuang anibersaryo ng Partido, ipinagdiwang



Libu-libo ang matagumpay na nakapagtipon sa maliliit at malalaking selebrasyon sa mga larangang gerilya sa buong kapuluan, mga sikretong lugar sa kalunsuran at maging sa labas ng bansa noong Disyembre 26, 2018 at mga araw bago at pagkatapos nito upang ipagdiwang ang ika-50 taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Malaking sampal ito sa rehimeng Duterte at sa AFP na naglunsad ng walang awat na mga operasyong kombat, paniniktik at pagpapatrulya sa pagtatangkang pigilan ang mga pagdiriwang. Sa mga araw na ito, na kasabay ng tradisyunal na mga selebrasyon, tumanggi ang pamunuan ng AFP na tumbasan ang unilateral na tigil-putukan na idineklara ng PKP at hindi pinagpahinga ang kanilang mga tropa sa panahon ng kapaskuhan.

Komun sa mga pagdiriwang ang pagbigay ng pinakamataas na pagpupugay sa mga martir ng rebolusyon, pagtatanghal ng mga bagong tula, awit at sayaw na nilikha para sa anibersaryo at pagbabasa ng mga mensahe mula sa mga lokal na organisasyon ng Partido mula sa sangay sa baryo hanggang sa rehiyon.

Binasa rin ang mensahe ng Komite Sentral at ang sinulat ni Kasamang Jose Ma. Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido, na naglatag ng dakilang mga nagawa ng PKP sa nakaraang 50 taon. Sa iba't ibang lugar, nagsalu-salo ang mga Pulang mandirigma, mga myembro ng Partido at rebolusyonaryong mamamayan ng mga simple pero espesyal na pagkain.

Ang sumusunod ang inisyal na nakalap na mga ulat ng *Ang Bayan:*

Sa himpillan ng pambansang pamunuan ng PKP, idinaos ang tatlong bahaging selebrasyon mula umaga hanggang gabi. Hinati sa tatlong bahagi ang selebrasyon: Unang bahagi ay mga palaro; ikalawang bahagi ang pagtalakay sa mga mensahe at ang ikatlong bahagi ay ang pagtatanghal at iba pang kasayahan. Lumahok sa selebrasyon ang mga namumunong kadre ng Partido kasama ang hukbo at iba pang mga yunit ng Partido. May iba't iba pang kasabay na mga pagtitipon sa mga kalapit na mga baryo at yunit.

Isang lampas-taong *mural* na nagpakita ng iba't ibang mga sektor ng lipunan na nagbubunyi at nagpupugay sa Partido ang nagsilbing sentro ng pagtitipon. Sa mga mensaheng pagpupugay ng kinatawan ng National Democratic Front at kinatawan ng Bagong Hukbong Bayan, kapwa nila kinilala ang walang katumbas na kabuluhan ng pamumuno ng Partido sa armadong pakikibaka at sa gawaing nagkakaisang prente at bawat isa ay muling pinagtibay ang komitment na patuloy na sumulong sa pamumuno ng Partido sa susunod pang mga taon hanggang sa tagumpay. Binasa ng isang kadre ang "Alay sa Ginintuang Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas," isang tulang isinulat para sa ika-50 taon ng Partido.

Sa Negros, nagtipon ang libulibong rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa iba't ibang bahagi ng isla. Sa isang lugar, mahigit 3,000 ang nagtipon upang panoorin ang pagtatanghal ng mga Pulang mandirigma.

Ani Ka Juanito Magbanua, tagapagsalita ng BHB-Negros, iniaalay ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng Negros ang selebrasyon bilang paggunita at panawagan para sa hustisya sa siyam na magsasakang minasaker sa Sagay ng mga armadong elemento ng estado at despotikong panginoong maylupa.

Dumalo sa pagtitipon at nagbigay ng kani-kanilang mga mensahe ng pakikiisa ang mga kasapi ng Revolutionary Council of Trade Unions, Pambansang Katipunan ng mga Magsasaka, Kabataang Makabayan, Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Katipunan ng Samahang Manggagawa, Katipunan ng Gurong Makabayan at Christians for National Liberation.

Bago ang anibersaryo, naglunsad ng gabi ng pagkakaisa ang kabataan mula sa Kabataang Makabayan at mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa Bicol, idinaos ang mga pag-

diriwang sa Camarines Norte at Sorsogon.

Sa isang larangan sa Sorsogon, mahigit isandaan ang nagtipon. Itinanghal ng mga Pulang mandirigma ang ilang mga kanta mula sa *Himig ng Digmang Bayan*, isang bagong labas na kalipunan ng mga bagong likhang awitin. Sa programa, pinagpugayan nito ang mga Pulang mandirigma at kumander, mga kadre at kasapi ng Partido at mga martir ng rebolusyonaryong kilusan.

Dinaluhan ito ng mga residente sa kalapit na mga baryo at mga inimbitang myembro ng mga organisasyong masa at piling midya. Tampok sa pagdiriwang ang makukulay na pagtatanghal at pakikipagpanayam sa mga tagapagsalita mula sa iba't ibang prubinsya.

Sa Southern Tagalog, pinangunahan ng Melito Glor Command ang pagdiriwang ng anibersaryo sa isa sa mga larangan sa rehiyon. Idinaos ni Ka Diego Padilla, tagapagsalita ng BHB-ST, ang isang *press conference* kaharap ang inimbitang mga *reporter* mula sa masmidya at iba pang bisita. Nagtanghal naman ang mga Pulang mandirigma. Inawit din ng pangkulturang grupo ng BHB, Pulang Bandila, ang "Gintong Araw, Gintong Aral," na nilikha para sa ika-50 taon ng Partido. Mahigit isang daang mandirigma ng BHB ang lumahok sa pagdiriwang.

Naglunsad din ng hiwalay na programa ang BHB-Quezon. "Sampal sa mukha ni Rodrigo Duterte ang pagtitipon nating ito ngayon!," ani Ka Cleo Del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Quezon. Giit niyang higit pang susulong ang Partido at tiyak na makakapangibabaw sa kanilang mga kahinaan. Hinimok din niya ang mamamayan na sumapi sa BHB at mangahas na makibaka.

Sa Cordillera, matagumpay na idinaos ng BHB-ICR ang pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo ng Partido sa gitna ng walang humpay na operasyong militar.

Nagbigay ng mensahe si Simon "Ka Filiw" Naogsan sa mga kasapi ng midya at masang dumalo sa pagdiriwang. Ani Ka Filiw, sa nakaraang limampung taon matagumpay na naipundar at tuloy-tuloy na lumakas at sumulong ang armadong rebolusyonaryong kilusang sa rehiyon at sa buong Northern Luzon sa pamamagitan ng matatag na pamumuno ng Partido.

Dagdag pa ni Ka Filiw, masigasig na pinangingibabawan ng mga kasapi ng Partido at BHB sa rehiyon ang umiral na Kanang tendensya ng konserbatismo at paglakas ng ekonomismo at ligalismo sa nakaraang mahigit isang dekada at matatag na hinaharap ang bangis at terorismo ng Oplan Kapayapaan. Patunay nito ang kamakailang pagsupil ng pwersa ng BHB sa detatsment ng AFP-CAFGU sa Kalinga.

Sa North Central Mindanao, nagkarooon ng mga pagdiriwang ang mga sentro ng rehiyon at subrehiyon. Sa isang larangan nagtipon ang mahigit 800 mga Pulang mandirigma at mga inimbitang residente ng mula sa mga baryo. Nagkaroon ng makukulay na dibuho at pangkulturang pagtatanghal ang mamamayan at kanilang hukbo. Sa sentro ng rehiyon, inawit ang Ginintuang Taon, isang bagong likhang awit para sa anibersaryo. Ito ay sa harap ng walang-awat na mga operasyong kombat ng AFP sa lugar.

Sa kanilang pahayag, binigyangdiin ng PKP-NCMR ang mga tagumpay ng Partido at hukbo sa rehiyon sa nakaraang limampung taon. Sa taong 2018, nakapaglunsad ang BHB-NCMR ng 102 aksyong militar. Alinsunod sa ulat, aabot sa isang kumpanya ang kaswalti sa kaaway. Sa kabilang banda, nag-alay ng buhay ang 16 na Pulang mandirigma sa halos walang patid na mga nakapokus na operasyong miltar ng AFP sa buong taon.

"Anumang matinding operasyon at atake ng pasistang rehimen sa rebolusyonaryong kilusan, hindi nito mapipigilan ang higit pang paglapad at pagtibay ng mga baseng masa. Patunay nito ang mga naitayong organo ng kapangyarihang pampulitika sa rehiyon at mga kampanyang masa na nailulunsad," ani Ka Norsen Manggubat.

Ibinalita naman ng panrehiyong kumand sa operasyon ng BHB-Zamboanga Peninsula ang kanilang matagumpay na pagdiriwang sa isang larangang gerilya. Ito ay sa kabila ng malawakang operasyong militar at paniniktik na inilunsad sa mga lugar na tinaya ng AFP na pagdadausan ng anibersaryo. Nagtayo pa ng tsekpoynt ang mga pulis sa haywey. Masayang-masaya ang mga kasama, gayundin ang mga bisita, na naidaos nila ang selebrasyon sa kabila ng mga banta ng AFP.

Sa Metro Manila, naglunsad ng *lighting rally* ang Kabataang Makabayan-Lucille Gypsy Zabala (KM-LGZ) bilang paggunita sa ika-54 anibersayo ng Kabataang Makabayan at sa papalapit na ika-50 anibersaryo ng PKP.

Pinangunahan naman ng Revolutionary Council of Trade Union, ang raling iglap sa Maynila bilang paggunita sa ika-50 taon ng Partido noong Disyembre 16. Kasabay nito, nagmartsa rin ang mga kasapi ng Kabataan Makabayan sa Morayta, Maynila.

Ipinagdiwang din ang ika-50 anibersaryo ng Partido sa ibayong dagat. Sa Utrecht, Netherlands nagtipon ang mga rebolusyonaryong pwersa at mga artista upang gunitain ang ika-50 taon ng PKP. Mahigit 200 katao ang dumalo sa pagdiriwang na pinangunahan ng NDFP, Linangan Art and Culture Network at Basis voor Actuele Kunst. Nagpalabas dito ng iba't ibang bidyo, mga likhang sining at mga pagtatanghal na nagtatampok sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa Pilipinas.

Nagpahayag din ang mga kinatawan ng NDFP, tampok dito ang pambungad na pahayag ni Juliet de Lima, hinggil sa ambag ng rebolusyong Pilipino sa progresibong kultura sa bansa. Hinamon niya ang

mga aktibista at rebolusyonaryong pwersa na higit pang magpalakas upang makamit ang antas ng pakikibaka na nakapagpabagsak ng diktadurang US-Marcos. Gayundin, dapat gawing tema ng mga manggagawang pangkultura at artista ang isyu sa lupa ng mga magsasaka, ang dominasyon ng dayuhan sa ekonomya, pagsasamantala sa kababaihan at pagkawasak ng kalikasan habang inihahayag ang kanilang aspirasyon para sa tunay na kalayaan at paglaban sa atake ng neoliberalismo sa progresibong kultura ng mamamayang Pilipino.

Mahigit 30 organisasyon mula sa Germany, Norway, Austria, India, France at iba pang bansa ang nagpahayag ng suporta at pakikiisa sa rebolusyong Pilipino.

Nagkaroon naman ng raling iglap noong Disyembre 23 ang mga migranteng Pilipino sa Hongkong. Bitbit ang bandila ng PKP, pinangunahan ng organisasyong COMPATRIOTS-HK, rebolusyonaryong samahan ng mga migrante, ang pagmartsa sa sentrong lunsod ng Hongkong.

Pinagpugayan nito ang mga martir ng Partido at rebolusyon kabilang na ang mga dating migranteng Pilipino na nag-ambag sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ng mga Pilipino sa ibayong dagat.

Naglabas din ng mga mensahe ng pakikiisa at pagbati si Concha Araneta, tagapagsalita ng NDFP-Panay, si Fr. Santiago "Ka Sanny" Salas ng NDFP-Eastern Visayas, Komite sa Rehiyon ng NEMR at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa Cebu. AB

## Pampulitikang panunupil sa Central Visayas, kinundena

NAGPIKET ANG MGA progresibong organisasyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Central Visayas sa harapan ng Police Regional Office VII Camp Sergio Osmena sa Cebu noong Enero 2. Kinundena ng mga grupo ang pampulitikang pamamaslang sa anim na progresibo at iligal na pag-aresto sa 16 na aktibista sa isla ng Negros noong unang linggo ng Enero.

Iginiit nila na tigilan ng mga elemento ng militar ang *Red-tagging* at pananakot sa mga lider-magsasaka ng Bohol na kasapi ng HUMABOL-KMP. Nakatanggap ng mga banta sa buhay ang mga lider nito sa kanilang mga *social media account* noong Disyembre 26. Inakusahan silang mga tagasuporta ng BHB.

Samantala, nagtipon din ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Camp Crame sa Quezon City noong Enero 4, 2019 para kundenahin ang nagpapatuloy na hayagang panunupil ng rehimeng US-Duterte sa buong bansa.

Isang protesta rin ang inilunsad ng mga konseho ng mag-aaral ng University of the Philippines (UP) na lumahok sa General Assembly of Student Councils sa UP Cebu noong Enero 7 sa pangunguna ng Kasama sa UP at UP Office of the Student Regent. Panata ng mga lider-estudyante na labanan ang panunupil ng estado sa mamamayan.

## NHA, kinalampag ng maralitang-lunsod

KINALAMPAG NG 500 maralitang-lunsod sa pangunguna ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) ang upisina ng National Housing Authority (NHA) noong Enero 7.

Lumahok ang mga kasapi ng KADAMAY mula sa Pandi, Bulacan na nagtagumpay sa pag-okupa ng tiwangwang na pabahay. Ipinanawagan nila ang kagyat na pagbibigay ng titulo ng mga yunit ng bahay na kanilang tinitirhan at ang pagkakabit ng direktang linya ng kuryente at tubig sa mga pabahay na ito.

Halos dalawang taon nang nakatira ang mga maralita sa naturang pabahay ngunit hanggang ngayon ay walang aksyon ang NHA sa kanilang mga hinaing.

Lumahok din sa protesta ang mga maralita mula sa Montalban, Rizal at mga komunidad ng Maynila na mayroong banta ng demolisyon. Ayon sa KADAMAY, busog ang badyet ng gubyerno sa maka-negosyong programang 'Build Build Build' samantalang wala para sa pagbibigay ng serbisyong pabahay.

*"Mapangwasak..." mula sa pahina 4*

Naglunsad naman ng dalawang operasyong isnayp ang LPC noong Enero 4 bilang sagot sa sunud-sunod na pamamaslang, iligal na pang-aaresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga sibilyan matapos isinagawa ang SEMPO (Synchronized Enhanced Managing of Police Operations) noong Disyembre 27, 2018 nang madaling-araw.

Alas 2:04 ng hapon nang paputukan ng yunit ng BHB ang detatsment ng AFP sa Barangay Linantuyan, Guihulngan, Negros Oriental. Kasabay na isinagawa ng isa pang yunit ng BHB ang operasyong isnayp sa isa pang detatsment sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental. Batay sa inisyal na ulat, dalawa ang kaswalti sa militar.

Sa kaugnay na balita, pinasinungalingan ng BHB ang gawa-gawang engkwentro sa pagitan nila at ng AFP sa Barangay Budlasan, Canlaon City at Barangay Calupaan, Guihulngan City noong Enero 3. AB

## Pamamaslang sa Negros, lalong tumindi

ANIM NA SIBILYAN ang pinaslang ng mga berdugo ng 94th IB at Philippine National Police sa magkakahiwalay na insidente noong gabi ng Disyembre 26 sa Negros Oriental. Maliban dito, may 27 iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso sa prubinsya. Ang koordinadong mga atakeng ito laban sa mamamayan ng Negros ay isinagawa sa Guihulngan City, Mabinay at Sta. Catalina.

Sa Guihulngan City, pinatay ang lider magsasaka na si Jimmy Fat at Jun Kubol mula sa Barangay Trinidad; si Reneboy Fat na isang drayber ng motorsiklo (habal-habal) mula sa Barangay Hilaitan; si Jaime Revilla na organisador sa komunidad; si Jesus "Dondon" Isugan na isang magsasaka at anak ng mga lider magsasaka, at si Boy Singko na upisyal sa Barangay Trinidad. Sa buktot na pagdadahilan ng mga salarin, pinalabas sa midya na mga myembro umano ng BHB ang anim.

Matapos patayin si Isuan, iligal namang dinakip ang kanyang mga magulang na sina Junior at Genia, kabilang ang 15 iba pa, kabilang ang mga pinuno ng mga barangay Trinidad at Tacpao. Pawang inakusahang mga myembro ng BHB ang mga inaresto at tinaniman ng pekeng ebidensyang baril para makasuhan. Pinaghahalughog din ang mga bahay ng mga residente sa Barangay Trinidad, at bahay ng isa pang sibilyan sa Guihulngan City. Dagdag sa mga karahasang ito, isang mamamahayag din sa bayan ng La Libertad ang pinagbabaril at napatay ng mga lalaking nakamotorsiklo.

Sa bayan ng Mabinay, anim na residente mula sa mga barangay ng Luyang at Talingting ang iligal na inaresto matapos tamnan ng mga pekeng ebidensyang baril at bala. Isa sa mga inaresto, si Margie Vailoces, ay pinsan ng bilanggong pulitikal na si Joey Vailoces (kilala bilang isa sa #Mabinay6).

Bago pa ang mga atakeng ito, iligal na inaresto ng mga nakabonet na pulis noong Disyembre 19 sa Sagay City, Negros Occidental si Rene Cañete, myembro ng the National Federation of Sugar Workers.

Samantala, tuloy pa rin ang panggigipit ng militar sa ibang rehiyon.

Sa Sorsogon, iligal na inaresto ng mga sundalo ng 31st IB ang menor de edad na si Carlo Loreno, 14 taong gulang at residente ng Barangay Bacalon, Magallanes. Habang nagsasagawa ng operasyon ang militar sa lugar noong Enero 6, sapilitang dinala si Loreno sa munisipyo at inakusahang myembro ng BHB.

Sa Cagayan noong Disyembre 27, 2018, pwersahang pinadalo ng mga sundalo ng 17th IB ang mga residente ng Barangay Balagay, Sto. Nino, sa isang rali kung saan pinadala sila ng mga plakard na nagkukundena sa PKP at BHB. AB

### 'Crackdown' sa mga guro, binatikos

BINATIKOS NG ALLIANCE of Concerned Teachers (ACT), mga guro, abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang utos ng Philippine National Police (PNP) na tiktikan ang mga myembro at kaalyado ng ACT noong Enero 6.

Nagprotesta ang mga guro mula sa Manila Public School Teachers Association at ACT sa harapan ng upisina ng Department of Education-Manila noong Enero 7. Nakipagdayalogo sila sa upisina upang alamin kung pinahintulutan nito ang paniniktik.

Noong araw ding iyon, nagtipon ang mga progresibong organisasyon sa harapan ng Camp Crame sa Quezon City para kundenahin ang paniniktik ng PNP. Anila, tahasang paglabag ito sa karapatang mag-organisa at magpahayag ng mga guro.

Nabulgar ang pakanang ito ng PNP nang makakuha ng kopya ang mga militanteng guro ng dokumento mula sa hepe ng Zambales Police Provincial Office na nag-uutos sa lahat ng Chief of Police sa bawat munisipyo na ilista ang lahat ng guro sa mga pampubliko at pribadong paaralan na myembro ng ACT.

Bagaman walang upisyal na dokumento, sinaklaw ng paniniktik ang lahat ng mga eskwelahan sa buong bansa. Ibinalita ng ACT ang pagpunta ng mga pulis sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa Maynila, Quezon City, Bulacan, Sorsogon, Camarines Sur at Agusan del Sur. Sa Maynila, anim na guro ang "dinalaw" na ng mga ahente ng paniktik.

Layunin ng paniniktik na sindakin ang mga kasapi ng ACT at mga guro, na matagal nang lumalaban para sa kanilang karapatan, at payukuin sa mga utos ni Duterte para manipulahin ang papalapit na eleksyong *mid-term*.

Nilulustay ni Duterte ang pondo ng publiko para ipitin ang mga ito, habang hindi sinasagot ang matagal nang panawagan ng sektor para sa pagtataas ng sahod at benepisyo.

Binibigyang-hugis nito ang malawakang paniniktik sa mga estudyante, mamamahayag, abogado at iba pang demokratikong sektor, organisasyon, mga alyansa, maging ang mga progresibong *party-list* para iligal na hulihin o ipapatay.

Higit na palalawakin at palalakasin ng hakbanging ito ang oposisyon at paglaban ng mamamayan. Kontra sa kanyang layunin na patahimikin ang sambayanan, lalo niyang itinutulak ang iba't-ibang sektor na magkaisa at wakasan ang mapanupil, kurakot at tutang rehimen ni Duterte. AB